## BASE SA RESULTA NG LATEST SURVEY

# Joy B 'top choice' sa QC; Crisologo nilampaso

Milya-milya muli ang inilayo ni Quezon City mayoralty bet Vice Mayor Joy Belmonte sa katunggali niyang si QC First District Rep. Vincent Crisologo base sa resulta ng isinagawang survey.

Ito ay makaraang makakuha si Belmonte ng 72 percent na boto na malayung-malayo sa 18 percent na botong nakuha ni Crisologo.

Sa pinakahuling survey na ginawa ng RP Mission and Development Foundation Inc. (RPMD Inc.) si Belmonte ang top choice ng mga taga- QC na maging susunod na alkalde dahil sa malaking kalamangan nito sa mga katunggali sa pwesto.

Ang survey ay naisagawa noong February 1 hanggang 10 mula sa 2,500 respondents na tinanong kung sino ang nais nilang mamuno sa lungsod.

Sa mga natanong, nagsabi na mas gusto nila ang mas batang lingkod bayan na may sapat na kakayahan at galing sa pamamahala sa lokalidad na tulad ni Belmonte.

"I'm very thankful to God and to our constituents for this positive response. We have a long way to go, but I am confident that my call for better governance and inclusive development will be heard loud and clear," pahayag ni Belmonte.



*Vice Mayor Joy Belmonte*

Si Belmonte, ay nasa ikatlo at huling termino ngayon bilang Vice Mayor ng QC na masasabing siya lamang ang tanging lingkod bayan na magbibigay ng tunay na pagbabago, pag-unlad at magbibigay sigla sa kabuhayan ng mga taga-QC.

Para sa vice mayor's position, nakakuha si Councilor Gian Sotto ng 42 percent na ungos kay Jopet Sison na nakakuha ng 15 percent at Roderick Paulate 13 percent.

Bago naganap itong survey, nailampaso rin ni Belmonte si Crisologo sa ginawang survey na kinomisyon ng PUBLiCUS Asia Inc. Noong November 16-20 may bilang na 1,800 registered voters sa kabuuan ng Metro Manila kung saan nakakuha si Belmonte ng 59 percent na malaking lamang kung ikukumpara sa 17 percent ni Crisologo. *(Angie dela Cruz)*